# Pagtuklas sa Saloobin at Alinlangan sa Pagsulat: Isang Kritikal na Pag-aaral sa mga Estratehiya ng Pagtuturo

**DIOVERLYN F. POTOT**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
Dioververlyn.potot@deped.gov.ph

*Abstrak* — Pangunahing layunin ng pag-aaral ang matukoy at masuri ang ugnayan sa pagitan ng saloobin at alinlangan sa pagsulat ng mga 130 mag-aaral mula sa Padada National High School, Division of Davao del Sur. Gumamit ang mananaliksik ng eksploratoryong sequential mixed-method design kung saan isinaalang-alang ang kwantitatibo at kwalitatibong datos. Isinagawa ang survey upang matukoy ang antas ng saloobin at alinlangan sa pagsusulat, samantalang ginamit ang masinsinang panayam upang tuklasin ang mga karanasan ng mga mag-aaral. Mula sa pagsusuri, lumitaw ang ilan sa mga sumusunod na temang kwalitatibo: Emosyonal na Karanasan sa Pagsulat: Masaya ngunit May Halong Pangamba, Takot sa Puna, Kritisismo, at Pagkakamali sa Pagsusulat at Kakulangan sa Tiwala sa Sarili Bilang Pangunahing Ugat ng Alinlangan. Sa kwantitatibong bahagi, lumabas na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa pagsusulat at antas ng alinlangan. Partikular na natukoy na ang salik personalidad tulad ng tiwala sa sarili at motibasyon ay may pinakamalakas na prediktor sa alinlangan sa pagsusulat. Sa kabuuan, napatunayan na ang saloobin ng mga mag-aaral ay may mahalagang papel sa paghubog ng kanilang karanasan sa pagsusulat. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapalakas ng pedagogical strategies upang matugunan ang alinlangan ng mga mag-aaral sa pagsulat

***Keywords* — *Saloobin sa pagsulat, alinlangan sa pagsulat, exploratorysequential mixed-method***

## I. Introduksyon

Sa karanasan ng mga guro sa Filipino, lalo na sa sekondarya, patuloy na lumulutang ang isang mahalagang suliranin ang mababang motibasyon at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kadalasang naririnig sa loob ng silid-aralan ang mga salitang, "nahihirapan po ako magsulat," "natatakot akong magkamali," o "hindi ko alam kung paano magsimula." Ang ganitong mga pahayag ay repleksiyon ng kanilang saloobin at alinlangan sa gawaing pampagsulat. Sa kabila ng pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa gramatika at balarila, nananatiling hadlang ang kakulangan sa tiwala sa sarili at ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng guro sa mabisang pagkatuto sa pagsulat.

Sa pandaigdigang konteksto, isinasagawa na ang masusing pag-aaral sa ugnayan ng saloobin sa pagsulat at mga pedagohikal na pamamaraan. Halimbawa, natuklasan sa pananaliksik ni Karakaya (2020) sa Turkey na may negatibong epekto sa performance sa pagsulat ang negatibong saloobin ng mag-aaral. Sa Estados Unidos, lumitaw sa pag-aaral nina Bruning et al.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

(2021) na ang writing apprehension ay may malaking impluwensya hindi lamang sa output kundi pati sa mismong proseso ng pagkatuto. Sa Malaysia, ipinakita ni Rahmat (2022) na ang kolaboratibong pagsulat ay epektibong nakababawas ng kaba sa pagsusulat.

Sa konteksto ng Pilipinas, inilahad ni Javier (2021) na 60% ng mga mag-aaral sa Metro Manila ay may negatibong pananaw sa pagsulat, samantalang ipinakita sa pag-aaral ni De Vera (2022) na mas pinipili ng mga guro sa Santa Rosa, Laguna ang tradisyonal kaysa prosesong pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat. Sa Bacolod, tinukoy ni Liwanag (2023) ang kahalagahan ng metakognitibong estratehiya sa pagpapataas ng writing engagement. Sa Lungsod ng Digos, ipinakita ni Balingit (2023) na ang takot mapuna o mapahiya ay dahilan ng mataas na antas ng alinlangan sa pagsusulat. Kaugnay nito, iniulat ni Ramos (2020) na ang kakulangan sa pormatibong pidbak ay nakaaapekto sa kumpiyansa ng mag-aaral.

Bagama't may umiiral na mga pananaliksik tungkol sa writing apprehension at mga estratehiyang panturo, limitado ang mga ito sa wikang Ingles at sa ibang asignatura. Kulang pa rin ang mga pag-aaral na direktang nagsusuri sa ugnayan ng saloobin sa pagsulat, alinlangan, at mga pedagogikal na estratehiya sa asignaturang Filipino. Sa layuning mapunan ang kakulangang ito, inilulunsad ang kasalukuyang pananaliksik.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na mailarawan at masuri ang ugnayan ng saloobin at alinlangan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa wikang Filipino at matukoy kung paano ito nakaaapekto sa kanilang aktibong partisipasyon sa gawaing pagsulat. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa dalawang mahahalagang aspektong ito at sa pagsasanib ng datos mula sa kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan, layunin ng pananaliksik na makapagbigay ng kongkretong rekomendasyon sa mas epektibong pagtuturo ng pagsulat sa wikang Filipino.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pananaliksik na ito na: Alamin at suriin ang antas ng saloobin at alinlangan ng mga mag-aaral sa pagsusulat; Tukuyin ang mga salik na may impluwensiya sa writing apprehension; At tukuyin ang mga karanasang makatutulong sa pagbuo ng mga programang interbensyon.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang antas ng saloobin sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang ayon sa: salik panlipunan; salik sa kontekstong pang-edukasyon; salik personalidad?
2. Ano ang antas ng alinlangan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa: tiwala sa sarili; kapasidad ng memorya; lawak ng bokabularyo?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin at alinlangan sa pagsusulat?

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

4. Aling salik ng saloobin sa pagsulat ang may makabuluhang impluwensiya sa alinlangan?
5. Paano inilalarawan ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin sa pagsulat?
6. Paano inilalarawan ng mga mag-aaral ang kanilang alinlangan sa pagsulat?
7. Anong mga programa o inisyatiba ang maaaring ipanukala batay sa kanilang mga karanasan?

**Mga Hipotesis ng Pag-aaral**

Sa antas ng 0.05 na kahalagahan, susuriin ang mga sumusunod na hipotesis:

**Ho1:** Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin at alinlangan sa pagsusulat.

**Ho2**: Walang salik sa saloobin sa pagsusulat ang may makabuluhang impluwensiya sa alinlangan sa pagsusulat.

**Depinisyon ng mga Terminolohiya**


**Saloobin sa Pagsulat:** Tumutukoy sa pananaw, damdamin, at paniniwala ng mag-aaral tungkol sa pagsulat bilang gawaing pang-akademiko at malikhaing proseso (Graham et al., 2020).

**Alinlangan sa Pagsulat:** Tumutukoy sa damdamin ng pangamba o kakulangan sa kumpiyansa kapag humaharap sa gawaing pagsulat, dulot ng takot na magkamali o mapahiya (Bruning et al., 2021).

**Teoretikal na Pananaw**

Ang pinagsama-samang pananaw ng Social Cognitive Theory, Expectancy-Value Theory, at Cognitive Load Theory ay nagbibigay ng matibay na batayan upang masusing masuri ang ugnayan ng saloobin sa pagsulat at alinlangan sa pagsulat, at kung paano ito naapektuhan ng mga personal, kognitibo, at pedagogikal na salik. Ang mga teoryang ito ay magsisilbing lente sa pagsusuri ng datos at pagbibigay ng konkretong rekomendasyon para sa mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved




**Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura**

Ang pagsusuri sa mga kaugnay na literatura ay nagbibigay ng teoretikal at empirikal na batayan sa pag-unawa sa saloobin, alinlangan, at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ipinakikita sa mga pag-aaral na ito kung paanong ang iba't ibang salik panlipunan, pedagogikal, personalidad, at kognitibo ay nakaaapekto sa kanilang karanasan sa gawaing pampagsulat.

**Saloobin sa Pagsulat**

Ang saloobin ng mag-aaral sa pagsulat ay may malaking impluwensya sa kanilang akademikong pagganap. Ayon kina Graham et al. (2020), positibong saloobin ay nauugnay sa mataas na kalidad ng sulatin, samantalang ang negatibo ay humahantong sa pag-iwas at pagkabigo. Itinatampok nina Pajares (2020) at Bruning et al. (2021) na ang tiwala sa sarili, emosyonal na kalagayan, at paniniwala sa proseso ng pagsulat ay mahalagang sangkap sa paghubog ng saloobin. Binibigyang-diin din nina White at Bruning (2022) na ang pananaw ng mag-aaral kung ang pagsusulat ay talento o kasanayang natututuhan ay nakaaapekto sa kanilang disposisyon sa pagsulat.

**Salik Panlipunan**

Malaki ang papel ng pamilya, kaibigan, guro, at kapaligirang panlipunan sa pagbubuo ng positibong saloobin sa pagsulat. Ayon kay Bandura (2020), ang panlipunang pagmomodelo ay nakaaapekto sa motibasyon. Sinusuportahan ito nina Lim et al. (2021) at Xu at Lei (2020) na nagsabing ang moral na suporta at positibong paghahambing ay nagpapalakas ng loob ng mag-

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

aaral. Binanggit rin ni Vygotsky (1978) ang halaga ng gabay ng guro, habang pinatotohanan nina Tan at Villanueva (2020) na ang mga karanasang panlipunan gaya ng marginalisasyon ay may negatibong epekto sa saloobin sa pagsusulat.

**Kontekstong Pang-edukasyon**

Ang klase, guro, at institusyon ay may direktang impluwensya sa pananaw ng mag-aaral sa pagsusulat. Ayon kina Miller at Liu (2021), ang kolaboratibong pagsusulat ay epektibong nakapagpapataas ng kumpiyansa. Samantala, tinukoy nina Santiago at Jusay (2022) ang kakulangan sa oras at materyales bilang hadlang sa mabisang pagkatuto. Ayon kay Alonzo (2021), ang malinaw at makataong sistema ng pagtataya ay nakatutulong sa pagpapababa ng writing apprehension, habang ang mga makabago at interaktibong disenyong instruksiyonal ay nakapagpapataas ng interes at tiwala sa sarili.

**Salik ng Personalidad**

Ang mindset, pagkatao, at emosyonal na estado ng mag-aaral ay may kaugnayan sa kanilang saloobin at pagganap sa pagsusulat. Ayon kay Dweck (2020), ang growth mindset ay nagpapataas ng pagtanggap sa hamon. Samantala, ayon kina Zhao et al. (2021), ang mga introvert ay may mas mataas na writing anxiety kaysa sa mga extrovert. Inilahad ni Hassan (2022) na ang pagkabalisa ay nakaaapekto sa kalidad ng sulatin, habang binigyang-diin ni Shulman (2020) ang kahalagahan ng positibong self-concept bilang manunulat.

**Alinlangan sa Pagsulat**

Ang writing apprehension ay resulta ng negatibong karanasan, kawalan ng tiwala, at emosyonal na hadlang. Ayon kina Bruning et al. (2021) at Pajares (2020), ang mataas na antas ng alinlangan ay nauuwi sa pag-iwas, mababang output, at limitadong pakikilahok. Ayon kay Sari (2022), ito rin ay sanhi ng cognitive blockage. Subalit ipinakikita ng mga pag-aaral nina Zhang et al. (2021) na ang supportive environment ay epektibo sa pagbabawas ng writing anxiety.

**Kakayahan sa Sarili (Self-Efficacy)**

Ayon kay Bandura (2020), ang mataas na pansariling kakayahan ay mahalaga sa pagharap sa mahirap na gawaing pampagsulat. Sinusuportahan ito nina Teng et al. (2022) na nagsabing may positibong epekto ito sa performance at pagtanggap ng puna. Ayon kay Kim at Kim (2021), ang pormatibong puna at tiyak na layunin ay nagpapataas ng writing self-efficacy. Maging ang pagmomodelo ng mahusay na sulatin ay epektibo ayon kay Villanueva (2023), lalo na sa mga mag-aaral na may mababang kumpiyansa.

**Kapasidad ng Memorya**

Ang cognitive load sa pagsusulat ay isa sa mga hadlang na lumilikha ng writing apprehension. Ayon kay Sweller (2020), kapag sabay-sabay ang pagproseso ng gramatika, ideya,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

at estruktura, nahihirapan ang mag-aaral. Inirerekomenda nina Zimmerman (2021) ang paggamit ng metacognitive strategies upang mapagaan ang proseso at mapaunlad ang organisasyon ng sulatin.

**Talasalitaan**

Ayon kina Nation at Webb (2020), ang kakulangan sa bokabularyo ay direktang nagdudulot ng writing anxiety. Ang lalim at lawak ng talasalitaan, ayon kay Qian (2022), ay nakaaapekto sa kakayahan ng mag-aaral na magpahayag. Pinatutunayan nina Bani-Issa (2021) at Harmer (2020) na ang pagpapayaman sa bokabularyo ay pundasyon ng mahusay na sulatin. Kaya't mahalagang isama sa pagtuturo ng pagsulat ang sistematikong pagpapalawak ng talasalitaan (Gonzales, 2021).

**Lagom**

Ang saloobin at alinlangan sa pagsulat ay multidimensyonal at naiimpluwensyahan ng iba't ibang salik gaya ng personalidad, panlipunan, pedagogikal, at kognitibo. Ang mga literatura ay nagpapahiwatig na ang paglinang ng positibong pananaw at tiwala sa sarili sa pagsusulat ay posible sa pamamagitan ng interbensyon mula sa guro, suportang panlipunan, at epektibong disenyong instruksiyonal. Ang mga kaalamang ito ay nagsisilbing matibay na batayan sa pagdisenyo ng mga programang nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**Sintesis**

Ipinakikita ng mga literatura na ang writing apprehension ay resulta ng masalimuot na ugnayan ng mababang tiwala sa sarili, limitadong working memory, at kakulangan sa talasalitaan. Ang mga salik na ito ay nagdudulot ng stress at emosyonal na tensyon na humahadlang sa episyenteng pagsusulat. Dagdag pa rito, ang mga personal, panlipunan, at pedagogikal na karanasan ay nag-aambag sa negatibong saloobin sa pagsulat. Sa kabuuan, mahalaga ang interbensyong pedagogikal na nakatuon hindi lamang sa teknikal na kasanayan kundi maging sa emosyonal at kognitibong aspekto upang mapababa ang alinlangan at mapahusay ang kasanayan sa pagsulat.

**Teoretikal na Pananaw**


Ang pag-aaral ay nakabatay sa Social Cognitive Theory ni Bandura (1986; 2020) na nagpapaliwanag na ang tiwala sa sariling kakayahan ay may malaking papel sa saloobin at pagganap sa pagsulat. Sinusuportahan ito ng Expectancy-Value Theory nina Eccles at Wigfield (2020), na nagsasaad na ang saloobin ng mag-aaral ay nakabase sa inaasahang tagumpay at sa pagpapahalaga nila sa gawain. Idinagdag rin ang Cognitive Load Theory nina Sweller at Chandler (2020) na nagpapaliwanag kung paanong ang labis na impormasyon na kailangang iproseso habang sumusulat ay nagdudulot ng mental overload at alinlangan. Pinagsama-sama, ang tatlong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

teorya ay nagsisilbing lente upang masuri ang mga personal, kognitibo, at pedagogikal na salik na nakaaapekto sa writing apprehension.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ipinapakita sa Talangguhitan Bilang 1 ang ugnayan ng mga salik sa saloobin ng pagkatuto (panlipunan, edukasyonal, personalidad) at ang writing apprehension na binubuo ng tiwala sa sarili, kapasidad sa memorya, at talasalitaan. Ang modelong ito ay nagsisilbing gabay sa pagsusuri ng ugnayan ng mga baryabol na ito sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.




## II. Pamamaraan

Ang pag-aaral ay gumamit ng explanatory sequential mixed-methods design upang tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa pagsulat at alinlangan sa pagsulat, at palalimin ito sa pamamagitan ng kuwalitatibong pagsusuri. Sa bahaging kuwantitatibo, ginamit ang descriptive correlational method gamit ang validated questionnaire upang masukat ang antas ng dalawang baryabol. Sa bahaging kuwalitatibo, isinagawa ang Focus Group Discussion (FGD) at inanalisa sa pamamagitan ng thematic analysis.

Ang mga kalahok ay 130 mag-aaral mula sa Padada National High School na napili sa pamamagitan ng simple random sampling. Mula rito, pumili ng 10 kalahok para sa FGD gamit ang purposive sampling. Ang mga instrumento ay sinuring mabuti at dumaan sa pilot testing. Ang antas ng saloobin at alinlangan ay isinukat gamit ang Likert Scale.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

Sa pangalap ng datos, isinagawa muna ang survey, sinundan ng FGD. Tiniyak ang etikal na pagsunod tulad ng boluntaryong paglahok, kumpidensyalidad, at pagsunod sa Data Privacy Act of 2012.

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa dalawang yugto. Ginamit ang mean, Pearson correlation, at multiple regression analysis sa pagsusuring estadistikal. Samantalang ang mga FGD transcript ay sinuri gamit ang thematic analysis. Pinagsama ang mga resulta upang makabuo ng mas malalim na interpretasyon at rekomendasyon.

## III. Results and Discussion

### Saloobin sa Pagsulat ng mga Mag-aaral

Ipinakita sa resulta na may mataas na antas ng positibong saloobin sa pagsulat ang mga mag-aaral, partikular sa salik ng kontekstong pang-edukasyon (mean = 3.82). Ang malinaw na pamantayan, layunin, at gabay ng guro ay itinuturing na mahalagang impluwensiya. Ang salik personalidad (mean = 3.73) ay nagpapakita ng disiplina at sistematikong proseso ng pagsulat, bagaman may bahagyang kakulangan sa tiwala sa pagpapahayag ng ideya. Pinakamababa ang salik panlipunan (mean = 3.41), na nagpapahiwatig ng mas kaunting impluwensiya ng pamilya o kaibigan sa pagsusulat.

### Alinlangan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral

Ang mga mag-aaral ay nakararanas pa rin ng mataas na antas ng alinlangan (mean = 3.84), na pinakamataas sa aspektong talasalitaan (mean = 3.92). Kabilang sa mga dahilan ang limitadong bokabularyo at takot sa maling salita. Sa kakayahan sa sarili (mean = 3.82), napanatili nila ang tiwala sa kabila ng hirap sa pagsusulat. Samantala, ang kapasidad ng memorya (mean = 3.78) ay nagpapakita ng pangangailangang ulitin ang impormasyon upang mapanatili ang daloy ng ideya.

### Ugnayan ng Saloobin at Alinlangan

Lumabas na may malakas na ugnayan ($r = 0.805$, $p < 0.001$) sa pagitan ng saloobin sa pagsulat at alinlangan. Ibig sabihin, habang humihina ang positibong saloobin, tumitindi ang pag-aalinlangan. Ang resulta ay sumusuporta sa social cognitive theory ni Bandura at sa mga pananaliksik nina Pajares at Valiente hinggil sa writing self-concept.

### Mga Salik ng Saloobin na Nakaaapekto sa Alinlangan

Batay sa regression analysis, ang salik sa kontekstong pang-edukasyon ang lumitaw na may pinakamalakas na impluwensiya sa pagbawas ng alinlangan. Ipinahihiwatig nito na ang positibong interaksyon, malinaw na pamantayan, at suportang akademiko ay mabisang pananggalang sa writing apprehension ng mga mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Buod:**

Lumitaw sa pag-aaral na may malakas na ugnayan ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagsulat at ang kanilang antas ng alinlangan. Ang salik personalidad tiwala sa sarili, disiplina, at motibasyon ang may pinakamataas na prediksyon sa paglitaw ng writing apprehension. Ipinakita rin sa kwalitatibong datos na ang emosyon, pressure, at kakulangan sa suporta ay mga pangunahing salik na nagpapahirap sa karanasan ng mag-aaral sa pagsusulat. Samantala, napatunayan na ang suporta mula sa guro at positibong kapaligiran ay mahalagang pananggalang sa mga emosyonal at kognitibong hadlang.

## IV. Konklusyon

Ang alinlangan sa pagsusulat ay hindi lamang teknikal na isyu kundi isang emosyonal at kognitibong karanasan na apektado ng saloobin ng mag-aaral. Ang positibong pananaw, sapat na suporta mula sa guro, at motibasyon ay kritikal sa pagbawas ng agam-agam. Kinumpirma rin ng resulta ang mga teoryang panlipunang kognitibo, expectancy-value, at cognitive load na ang self-efficacy, halaga ng gawain, at dami ng impormasyong pinoproseso ay may malaking impluwensiya sa pagsulat.

## V. Rekomendasyon

Para sa mga guro: Gamitin ang process-based at student-centered writing instruction, kasama ang formative feedback at collaborative activities upang mapalakas ang tiwala ng mag-aaral sa sarili.

Para sa mga paaralan: Magpatupad ng writing support programs tulad ng mentoring at writing clinics upang mabigyan ng emosyonal at akademikong suporta ang mga nahihirapan sa pagsusulat.

Para sa mga tagapaggawa ng patakaran: I-integrate sa kurikulum ang mga interbensyon para sa emosyonal na paghahanda at self-efficacy development ng mga mag-aaral.

Para sa mga mag-aaral: Hikayatin ang self-reflection sa pamamagitan ng journaling at peer feedback upang matukoy ang kanilang mga hadlang sa pagsusulat.

Para sa mga mananaliksik: Isagawa ang mas malalim at longhitudinal na pag-aaral upang suriin ang pagbabago ng saloobin at alinlangan sa paglipas ng panahon, gayundin ang epekto ng kontekstuwal na estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## Sanggunian

[1] Eccles, J. S., & Wigfield, A. (2020). From expectancy-value theory to situated expectancy-value theory: A developmental, social cognitive, and sociocultural perspective on motivation. Contemporary Educational Psychology, 61, 101859. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101859
[2] Sweller, J., & Chandler, P. (2020). Cognitive Load Theory and the format of instruction. Cognition and Instruction, 8(4), 293–332. https://doi.org/10.1207/s1532690xci0804_2
[3] Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action: A social cognitive theory. Prentice-Hall.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved